

Edgar B. Maranan

Ang Apo ni Lola Soledad



PALAISDAAN

Sa ikaisandaang taon, o higit pa, ng kaniyang pamamalagi sa sangmaliwanag, ang laging salubong ni Lola Soledad sa bagong umaga ay dating himutok.

‘Ayaw akong tantanan ng masamang panaginip. Ano na nga kaya’ng nangyayari sa aking apo, ke Boy...?’

Kung may nakarinig noon ay walang nagpahiwatig.

Lalong sumakit ang kaniyang dibdib nang masinghot ang ligaw na gahiblang usok mula sa tambakan. Tulad ng di-mabilang na umagang nagdaan, dinuduro na naman ng Payatas ang puno ng kaniyang ilong, nagpapasintak sa ugat ng kaniyang sentido. Ilang araw na lang ay Pasko na, ngunit wala siyang maramdamang saya, o senyal ng paghahanda sa tinitirhang bahay.

Biglang namuo sa kaniyang gunita ang maaliwalas, mahangíng panginorin sa mga palaisdaan ng lumang Malabon, noong lumulundag pa ang isda sa tubig upang labusawin ang salaming kinalulutangan ng bughaw na langit at malatupang alapaap, noong ang una sa walong anak niya’y di pa man kislap sa maningning na balintataw.

Ngayong siya'y nakahiga sa kulong na silid, sa sulihyang kama sa isang malaki't magarang bahay sa sabdibisyong ito na kay-layo sa mga kubong kaniyang nilakhan at pinagdalagahan, para siyang sinasakal sa sidhi ng bantot, waring sa labas lamang ng bahay nakabunton ang gabundok na labi at layak at ibinasurang bituka ng siyudad, hindi lamang dinala ng hangin o umangkas sa hangin, manapa'y nabuo umigkas lumutang at siya mismong naging hanging sumasalakay araw-araw, sa ilang takdang oras araw-araw, sa tag-ulan at tag-init, sa sabdibisyong ito ng mayayaman at biglang-yaman, ng masikhay at makulimbat, sa bahay na itong kung hindi mala-mausoleo ang katahimikan ay tila merkado sa ingay ng bangayan, sa saya ng kumustahan, sa kalampag ng mga pinggan kapag may piging o may pagtitipon-tipon ang angkan at pagkakaguluhan siya ng mumunting malalabong aninong magmamano, hahalik at mangungumusta nang mabilisan, at bigla uling maglalaho't mag-iwan ng alunignig at alaala.

Ano naman kaya ang ihahanda nila ngayong Pasko, bulong niya sa sarili.

Para uling malayong-malayo ang mga halakhak, iyakan, iritan, habulan, tugtugan, kalampag ng kutsara't tenedor sa porselana, at ni multo ng anino'y wala na siyang maaninag sa kanyang paligid, maliban sa ikailan na ba itong yayang makaraan lamang ng ilang buwan ay magsasabing hirap na't mas gugustuhin pa raw maglaba-luto, magkiskis ng sahig sa lahat ng palapag, kaysa mag-alaga lang ng matandang bulag at mabagal kumilos, mahina ang tainga, humihingi ng pagkain oras-oras sapagkat ulyanin na't nakakalimutang kakakain-kain pa lamang, tulog pag araw at gising at nanggigising kung gabi upang umihi o kaya'y humingi nga ng pagkain, at hindi makita ang hinahanap na baso o arinola gayong nasa tabi lamang pala.

Minsan, kapag siya'y nakahiga't bukas ang transistor na nakadait sa kaniyang taynga, o buhay ang telebisyon na nasa kuwarto ng isang apo, may mahahagip siyang komentaryo't salimbayang mga kuro tungkol sa ganito at ganiring isyu, kabilang na ang Payatas na diumano'y bagong bundok ng basurang ikahihiya ng bayan sa kasalukuyan pa namang Sentenaryo ng Kalayaan, at kung paanong ang pamahalaan diumano ay kumikilos na upang patagin ang mga ganggayong bundok ng lagim, ililikas ang mga taong-basura't ililipat sa mga pook na mas disente't malusog para sa kanilang isisilang na sangkaterbang mga buteteng anak at ilan pang salinlahing darating.

'Sayang at di n'yo ito nakikita, 'La,' sabi ng isa sa limang apong kasama niya sa bahay.

'Buti nga't di na sasakit ang mata nila. O, ayan, ano bang wala na raw ang Smokey Mountain, e mas masahol pala 'yang Payatas, gayong abot-pukol lang ng Batasan!' maktol ng kaniyang anak na may edad na rin at tulad niya'y isa na ring lola. Ina ni Boy, si Ligaya, at tulad niya'y laging sabik sa pag-uwi nito tuwing sasapit ang Pasko.

Itatanong niya kung bakit. Puspos ng pandidiri at pangingilabot ang mga naglalarawan sa kaniya ng ipinalalabas sa panggabing balita.

'Ta n'yo, o, kay-lapot na ng basurang binubuldoser, nagpipiyesta ang langaw, at parang langgam na pinagkakaguluhan ng mga tao ang bawat trak ng basurang dumarating!'

'Nakakasuka naman 'yan. Ilipat mo nga!'

Malas kaya siya, o masuwerte't di na niya kailangang makita ang sinasabi sa telebisyon? Nais niyang makinig lagi. Sabik siya sa balita, nakaupo man siya o nakahiga, pakiramdam man niya'y wala siyang silbi sa mundo maliban sa umalam kung ano na ang nangyayari sa tao. Hindi na siya nagugulat sa mga balita't komentaryong naririnig. Mga magsasaka, pinalayas sa lupang kanilang binungkal at pinagyaman nang kung ilang taon, pinagbabaril ng mga sikyuriti ng politikong asendero nang tangkain nilang bumalik. Dalagita, hinalay nang humigit-kumulang ay sandaang ulit ng matandang kapatid, ama, at lolo, at pinagalita't pinagbubugbog pagkatapos ay pinalayas ng ina nang ito'y magsumbong. Matataas na taong gobyerno, nangghasa't pumatay, nagbubuhay-hari sa kani-kanilang mga kulungan. Dumarami, bilang ng mga paring Katolikong nagsisipag-asawa't nakabuo pa ng isang unyong magtataguyod sa kanilang paniwalang di dapat mapabukod ang pari sa normal na buhay. Naglalagablab, debate tungkol sa diborsiyong tinututulan ng nakaluklok na pangulo't mga Katolikong sarado, ipinagtatanggol naman ng mga biktima ng karahasan ng asawa, at ng dalawang brodkaster na balitang nagsasama na sa iisang bubong mula nang mahiwalay sa kani-kanilang asawa. Dalagang ina, nanganak ng batang may kakambal na dalag. Gutom sa Mindanao, gagrabe dahil sa El Niño, at susundan ng baha na sanhi ng La Niña. Komunista, muling nag-aalsa at lumalakas, samantalang patuloy namang nagmamatigas ang mga Muslim. Nadeskubre, mga bagong planeta't bituin sa malawak na santinakpan, at may balak na pabalikin ang tao sa buwan at paratingin sa ibang planeta. Presyo ng gasolina, patuloy na tataas, at tataas na rin ang presyo ng bigas. Natuklasan, ilan pang nakatagong bilyong dolyar ng dating diktador Marcos at pamilya nito. Nanganganib malipol, mga gubat sa bundok at mga isda sa dagat.

Makakatulugan niya ang samot-saring balitang alin sa hindi na niya mawawaan, masundan, mahagip ang ugat, puno't dulo, o kaya'y dati na niyang naririnig panahon pa ng Amerkano't Hapon. At kung anong pagkasasama ng mga balita tungkol sa mga nagaganap sa kasalukuyan, ay siya namang pagkasasama ng mga awitin at tugtugin tungkol sa himagsikan, sa kalayaan, sa pagmamahal sa Inang Bayan, sa mga pangyayaring naganap sa Filipinas sandaang taon na't mahigit ang nakalilipas.

Ngunit ang masakit sa lahat, sa pagdaraan ng maraming taon, ay ang kaniyang mga nababalitaan, o nauulinigan na lamang sapagkat ayaw ipagtapat sa kaniya ng mga kasambahay, tungkol sa nangyayari sa kaniyang mga anak at mga apo, ngunit anuman ang kanilang kahinatnan ay sila pa rin at sila lamang ang dahilan kung bakit, sa kabila ng kaniyang pagnanais na sana'y kunin na siya ng Poong Maykapal, ay ibig na ibig pa rin niyang apuhapin sa umaga ang bahagyang liwanag na hirap nang makapaglagos sa kaniyang mga mata. Bahagyang liwanag, upang kaniyang mabanaagan ang mahaharot na anino. Dudukwang siya upang abutin o kausapin ang mga anino, kung bakit madalas ay bigla na lamang tumatalilis ang mga ito.

Masaklap rin ang pangyayaring wala na siyang panlasa, at ang natitirang ngitngit sa kaniyang umiimpis na buhay ay dito nabubuhos. Na wala na siyang panlasa, at magtatalo sila lagi ng tagapag-alagang igigiit na ang kinakain niya'y

ang pinakamalinamnam na talakitok o lapulapu, pinakamasarap na siyarsado o sinigang na karneng ubod-lambot at hinimay-himay pa para sa kaniya.

‘E sa talagang wala na ngang akong panlasa!’

Hindi niya mapigilang mapaasik. Sa mga pagkakataong ganito’y maaalaala niyang muli ang matandang palaisdaan sa lumang Malabon. Noong minsang bumagyo’t umapaw ito ay nag-alsahan ang bangus at tilapia, at ang buong baryo’y nagpista sa isdang kanilang pinaghuhuli sa mga buslong kawayan. Hindi pa nag-aaral si Boy noon, at ang apo’y tuwang-tuwang ibig tumulong sa panghuhuli ng isda, ngunit nagmuntik-muntikanang malunod sa apaw na tubig.

Ilang araw ding kahit ang mahihirap ay kumain hanggang masandat. Magugunita rin niya ang kanyang kabataang lipos ng pagkaraming kakaning-dagat, sugpo’t hipon, talangka’t tatampal, tahong at halaan, alimango’t alimasag, dalag at talabang kanilang pinagpapasasaan sa bayan ng Binuangan malapit sa look ng Maynila, at ang bantog na patis-Malabon ang paboritong sawsawan, gayundin ang sariwang pagkaing-bukid sa mga baryo ng Batangas, ginisang patola’t hibi, malunggay kalabasa’t bawang, murang dahon ng bagó, at laging kasabay ay tulingan o tambakol na isinaing sa tuyong kalamyas. Masakit isiping sa huling yugto ng kanyang buhay, inunahan pa siyang mamatay ng kaniyang panlasa.

Ngayong umaga, tulad ng maraming umagang nagdaan, masasal na naman ang kaba ng kaniyang dibdib. Kay-samang panaginip!

TEYP REKORDER

‘AKO BA’Y gagawan mo ng libro, ha, Boy? Sana’y mahawakan ko bago ako mamatay.’

Taunan kung umuwi ang panganay na apong si Boy mula sa pangangibang-bayan. Nakarating sa Hawaii, nag-aral at nagtrabaho doon, pagkatapos ay sa Europa, ilang panahong nagsilbi sa isang embahada, at ngayon ay sa Canada na nakatira.

‘La, Canada ho ang pinakamainam na bansang matitirhan ngayon, pasama nang pasama ang buhay sa Filipinas — wala na hong pag-asa ‘tong bayan natin! — kaya doon ko ho balak magtungo balang araw, pero dadalawin ko pa rin kayong palagi,’ tanda pa niya ang sinabi ng apo maraming dalaw na ang nakalilipas.

‘Ku, ‘tong apo kong ‘to, di mo na ako aabutang buhay pagbalik mo...’ ang kaniya namang laging isasagot dito. Ganoon lagi, sa tuwing pagdalaw, at sa pagpapaalaman.

Pagdating na pagdating ni Boy, pagkatapos nitong magmano, humalik sa noo’t magkabilang pisngi niya ay maghapon na naman siyang kukuwentuhan at papagkuwentuhin, nakaumang lagi ang ga-kasapuwegong teyp rekorder. Mas maraming tanong kaysa kuwento. Taon-taon ay hinihintay niya ang pag-uwi ng apo, bagama’t alam niyang pipigain na naman nito ang kaniyang isip, buong panunuyong pagugunitain siya ng mga pangalan ng kanuno-nunuan, na di na niya matandaan paglampas sa ina ng kaniyang ina, mga pook na pinasyalan nilang dalawa, mga kaiga-igayang pangyayari sa isang naglahong daigdig ng bait at

kawalang-muwang sa hiwaga’t lupit ng buhay, at hihingan siya ng mga kuwento tungkol sa mga himagsikan at digmaan, mga giyerang ayaw na niyang maalala pa.

‘Yang rebolusyon laban sa Kastila, wala akong alam diyan, at nang ipanganak ako’y Amerkano na ang nasa Filipinas. Kung buhay lang ang ingkong mo, ‘yun, ‘yun ang makapagkukuwento sa ‘yo...’

Aapuhapin niya, hahaplin, ang magaspang na mukha nito, masasalat ang bigote’t balbas at mahabang buhok. Nagsusulat daw ito para sa isang magasin sa Isteys, kahit sa Canada na nakatira. Lagi niyang ipinagmamakapuri si Boy sa lahat ng makakausap. Marami-rami na rin itong premyo sa pagsusulat noong dito pa nakatira sa Filipinas, nakulong dahil sa pagiging aktibista noong panahon ni Marcos, at nang makalaya’y bumalik sa kilusan. Walang makapagsabi sa kaniya ng buong pangyayari, ngunit may nagawa raw itong malaking kasalanan — kanino kaya? walang magsabi sa kaniya — kaya’t napilitang lumikas ng bayan at magpakalayo-layo.

Laging malungkot ang boses nito, at kung kaya lamang mapapasaya ito nang bahagya ay kapag may maaalaala siyang pangyayari sa buhay nito bilang paslit, isang kapilyuhan o isang kagiliw-giliw na ginawa, na siya lamang bilang lola nito ang makatatanda sa kabila ng kaniyang nanlalabo nang gunita.

Matagal nang hiwalay si Boy sa kaniyang asawa, at di na nito halos nakikita ang mga anak, na dalaga’t binata na rin. Mahigit na itong limampung taon ngayon, at Boy pa rin ang tawag. Madalas itong umiyak noon, tinutukso ng mga salbaheng kalaro. *Boy baboy, matabang baboy*. Mga salbaheng kalarong bobo na naiinggit sa talino ng kaniyang iyaking apo.

‘Ano’ng pamagat ng libro, ha, Boy? Ano ba’ng libro ang ginagawa mo?’

‘Ewan ko po kung makakasulat pa ako ng libro. Gusto ko lang pong naririnig ang boses n’yo, kahit nasa malayong bayan ako. Gusto ko lang pong marinig ang inyong mga kuwento’t alaala tungkol sa aking kabataan...’

Ang ‘*aking kabataan*’ ay laging susundan ng ilang sandaling pagtahimik, at aywan niya kung ang naaaninag nga niya’y aninong nagpapahid ng matang anaki’y napuwing.

‘...At saka po nahilingan akong sumulat para sa aming magasin sa San Francisco. Tungkol ho sa mga Filipinong sandaang taon na o higit pa, kasi nga po’y Sentenaryo ngayon ng ating Kalayaan. E kayo lang po ang kilala kong sandaang taon na o higit pa...’

Biglang sigla ang kaniyang naramdaman sa pagkakabanggit nito ng kaniyang apo.

‘Totoo bang namimigay sila ng premyo sa mga taong umabot na ng sandaan, ha, Boy? Narinig ko sa radyo. Me taning yata e. Sabihin mo kay Belen, ibigay ang pangalan ko. Sabi sa radyo, narinig ko sa radyo. Ilang beses ko nang ibinilin, di pa rin yata ibinibigay ang aking pangalan. Mahigit na akong sandaan, sabi ng Tiyo Pedring mo. Nakita raw ang aking papel de bautismo. Me kalabuan, para daw nakasulat e mil otosiyentos nubenta’y tres o nobenta’y singko, at hindi nobenta’y otso. E di mahigit na nga akong sandaan! Pera daw ata ang papremyo. Ilang libo

rin. Mantakin mo yun. Arimuhanan din. Baka nga dagdagan pa kung mahigit sandaan..'

Nangako ang apo, nang huling dumalaw noong sinundang taon, na magtatanong ito tungkol sa papremyo, ngunit hanggang nakaalis ito'y wala nang nabanggit tungkol sa kaniyang inasam-asam na gantimpala. Nilibang na lang siya nito sa araw-araw na pagpapakuwento sa kaniya, nakaumang ang gakasapuwegong teyp rekorder, dinig niya't aninag ang mabilis na paglandas ng lapis sa kuwaderno nito, at pinapagkuwento na naman siya hanggang manuyo ang kaniyang lalamunan, ngunit kailanma'y hindi siya tumangging magsalaysay o nakiusap na papagpahingahin na lamang siya, sapagkat napadalang nitong dumalaw, at bago pa man ito nangibang-bayan ay may ilang taon noon na di sila nagkita, nang ito'y bata-bata pang aktibistang nagtatago sa mga sundalo ni Marcos, at may panahon pa nga noon na buong akala nila'y di na nila ito makikitang buhay, sumama raw sa pangkat ni Sison, pati ang asawa, at napabalitang kapuwa nadakip ng mga sundalo sa isang malayong prubinsiya, iyon pala'y bumalik at nagtago sa Maynila nang magkawatak-watak ang kanilang pangkat, ngunit dinakip pa rin ng gobyerno at ikinulong nang ilang taon, pinaghiwalay ang dalawa sa kulungan at ginawan ng kahalayan ang babae, at magpahanggang ngayo'y wala pa ring makapagsabi sa kaniya kung bakit nakalaya na't lahat at namamayapa na sa piling ng apat na anak ay saka pa nagkahiwalay ang dalawa.

ANG TABAKERO

'ITINAGO AKO sa may ilog, sapagkat papatayin daw ng mga Amerkano ang lahat ng batang may bulutong! Ba't 'ka mo? Ewan, basta't yan ang kuwentong nakalakhan ko na mula sa Nanang Entang mo, ang aking ina. Ewan kung bakit gustong patayin ng mga Amerkano ang mga batang may bulutong. Wala, wala akong ibang natatandaan sa pagdating ng mga Amerkano, pero nang ako'y dalaginding na, tila naaalala kong madalas na may takbuan noon, takbuan at habulan, at kung minsa'y may mapapabalitang sunog sa bayan, o kaya'y ilang kalalakihang pinagpapatay, tinugis hanggang Bulakan, at laging umuugong ang bulungang babalik daw ang mga insurekto upang ipagpatuloy ang giyera, pero sabi-sabi lang naman 'yun, at pagkatapos ay natigil na lang bigla ang kaguluhan, may paminsan-minsan na lamang balitang may gumagalang sandatahan at mga tulisan, pero marami nang kostable noon, kaya natahimik din ang bayan. Ang mga Kastila 'ka mo? O e ano ang mga Kastila? E di nanahimik na ring lahat. Me dugong Kastila tayo, baka akala mo? Ang Lolo Inocencio mo'y mestisong Kastilang taga-Batangas, lamang e hindi mayaman, at mga sampung taon ang tanda sa akin. Basta na lamang sumulpot sa Malabon noong ako'y nagdadalaga na, at naging kilalang tabakero sa amin, ahente ng tabakong Reloba, espesyal na tabako ito at malaki, 'yun bang panregalo. Lagi siyang nakakamisadentro ng puti, me kurbata, at nakapantalong maong, o kaki ba? Di ko lang matandaan, taga-Batangas daw siya at palaki ng pastor, disiotso na ako nang siya'y lumigaw sa akin. Mabait? Ala pa akong nakikilala hanggang ngayon na kasimbait ng lolo mo, magalang sa

nanang, palausap sa mga taong di-kilala, at ni minsa'y di mo mariringgan ng pagmumura, kahit na nung marami na kaming anak. Ang nanang 'ka mo? Inabutan mo nga pala ang nanang, ano? na talaga namang napakahilig magmura, putang-ina, putang-ama, walanghiya ka, lalo na't nagagalit sa mga bata, sanay magmura ang mga taga-Malabon, pero ang lolo mo, ni minsan! E di lumipat nga kami sa Batangas nang magsawa siya sa pagiging tabakero, at nagsusukal na raw ang kaprasong lupang mana niya, kaya doon, sa liblib na linang sa Kupang, doon kami dinala, ako at ang mga anak namin, hindi na nga nakapag-aral ang mga anak namin at sa parang na lang lumaki, natutong manahi, natutong magtanim, pero 'yung parang na 'yun ang nagpahina sa lolo mo, mag-isa niyang hinawan, tinamnan ng maraming puno, at kahit lupaypay na ang katawa'y ayaw pa ring tantanan ang trabaho sa bukid, namumutol ng kawayan, naghuhukay, naglilipat ng mga tanim, nagpupunla. Maski saan manggaling, may uwi laging butong itatanim. 'Ala ka nang makikitang gayong karaming prutas kahit saan, dinadayo pa nga ng mga kaibigan at kamag-anak ang balitang prutasan ni Inocencio. Kakaw, kape, manggang kalabaw, makopa, sinigwelas, duhat, at atis, naku ang atis namin! Halika, Orang, tingnan mo ang atis, sasabihin ke Orang na panganay namin, kapag malalaki na ang atis sa puno, at tuwang-tuwa ang lolo mo sa Tiya Orang mo't sumasayaw-sayaw na ito kapag me nakikitang atis sa puno, siya ang paborito nami't napakabait po namang bata...paborito din naman namin ang sumunod sa kaniya, ang Tiya Pining mo, at kelanma'y di nag-away ang dalawang panganay...ano 'ka mong ikinamatay ng dalawa? Hindi ko matandaan, parang tuberkulosis 'ata, o lagnat, di ko lang mala'an, pero kapuwa sila dalagita nang mamatay, magkasunod lang nang ilang buwan, at pagkatapos nama'y ang bunso naming si Turing, paslit pa lang nang tumirik ang mga mata, kumbulsiyon 'ata, at pagkaraan lang ng isang taon e ang Lolo Insiyong mo na nga ang sumunod, masyadong pinagal ng gawaing-bukid ang katawan, at labis na nalungkot sa pagkamatay ng dalawa niyang dalaga at bunsong anak. Hindi, hindi ko maalala kung anong sakit ang biglang dumapo. Wala pa ang mga Hapon noon, pero malapit na ang giyera. Pa'no 'ka mo kami nabuhay? E di nanahi, nanahi kaming lahat, ako't ang mga dalaga't binata ko, naging modista't sastre, at nagsimula na rin akong magbiyahe, paroo't parito, Malabon at Batangas, Laguna at Quezon, Bulacan at Nueva Esija, nagtitinda ng banig at kulambong isahan, dalawahan, tatluhan, apatan, mamimili ako ng banig sa merkado ng Bauan, at hahatakin ako ng mga tintera run, Ka Kuwan, Ka Kuwan, ako naman ang bil'an n'yo! at 'yun ang ibibiyahé ko, pati na alahas na gawang Meycauayan, sapiro, singsing, hikaw, kuwintas, tumatanggap ng tahi, nakapag-eskarsiyon pa sa San Pablo, dun sa asyenda ni Don Escudo na kinatatakutan ng kadalagahan at balitang may panggayuma raw, hanggang sa dumating nga ang mga Hapon. Sa'n 'ka mo kami tumira? E di natira kami saglit sa Kalumpang, iniwan na namin ang linang sa Kupang at nagsusukal nang muli't wala nang makapag-alaga. Doon kami nakitira sa kapatid kong si Ploring, na asawa ng Biktor na kampiyon sa arnis sa buong Batangas. Naku, sana'y inabot mo! Mantakin mo 'yung sako-sakong bigas at tangkal-tangkal na manok na ibinabayad sa kaniya ng mga tinuturuan! Tawag sa kaniya'y Mestro, Mestrong Estokador. 'Yun e pagkatapos

na nung giyera. Nung giyera'y ingat na ingat kaming lahat, at naglipana ang mga Hapon. Takót? Takót 'ka mo? E di laging takót, at ni ayaw naming tumuntong sa poblasyon ng Kalumpang. Kapag di mo nayukuran, e makakatikim ka ng sampal. Lahat ng magagandang dalaga sa nayon, kinukuha, kaya nga 'yung mga anak na babae'y pinagdadamit-matanda, o kaya'y pinapagtatago, nang di mapag-itan. Ang siste mo'y lalong naging mabangis nang dumarating na po 'ka mo ang mga Merkanó. Naku, walang habas kung pumatay ng tao ang mga Hapon! Labanang walang puknat nang dumating na nga ang mga Merkanó, doon kami natutulog sa manggahan, malapit sa agbang, naglalalatag na lang kami ng banig sa damuhan pag gabi, kahit mabasa ng ulan, at 'yung mga litrato ko, 'yang Ingkong Sebyo mo'y litratista nung araw — 'ku, dun ka ata nakamana sa hilig magkukuha! — 'ala pang giyera, nakabuo ako ng album, panay po naman litrato ko't ng mga kaibigan, e naitapon na lamang sa tambakan sa pagtakbo namin! o sa kulungan 'ata ng manok napatapon, di ko matandaan, sayang 'yung mga litrato ko, alam mo bang nagreyna-reyna pa ako sa karnabal ng Malabon? Doon 'ata ako unang nakita ng Lolo Insiyong mo, tabakero 'yun, magandang lalaki, mestiso, parang empleado't laging puti ang suot, magalang, mabait, sayang at maagang namatay, sana'y me nakasama kami nung giyera, talaga po namang pagkahirap-hirap ng buhay namin nung giyera...pagkatapos 'ka mo ng giyera? E di yun, nagsipag-asawa na 'yung mga natitira kong anak, liban dun sa isang lalaki, ano na nga bang pangalan, na nayakag ng mga kapuwa binatilyo na sumama sa, saan ba 'yun? Yuhesneybi? Dalawampung taon bago ko uli nakita 'yang...' yang Tiyo Narding mong 'yan, palibhasa'y me ugaling lagalag, e di na nga nakauwi't sa Amerika na nga namatay sa kanser, nakapag-asawa ng puti. O, e di kami na nga lang dalawa ng nanay mo ang naiwan sa Batangas, kaya't naisipan kong bumalik uli sa Malabon. Wala, nangaglayasang lahat. 'Yung ikatlo, 'yang Tiyo Pluting mo, e sa Mindanao napadpad at namimigay daw ng malalawak na lupain ang gobyerno nung panahong 'yun. O anong nangyari? 'Ala rin. Namasukan daw sa taniman ng pinya, pero napilitang bumalik sa Malabon nang mabari ng sundalo at malumpo, o 'ayun, at lahat pa ng mga anak e me kani-kaniyang mabibigat na problema. Asan na nga ba 'yung tatlo pa? Di man lang nadadalaw dito sa Maynila, ilang taon na. Me sakit daw sa pulmon ang Tiyo Pilong mo, nasa Isabela daw, nagtayo ng tindahan ng tela pero nagumon sa sugal. Ang nalagay lang sa mabuti-buting estado e 'yang nanay mo, kahit di nakapag-aral e umasenso naman sa negosyo, maigi nama't 'yang tatay mo ang napangasawa. Mabuti ka pa't kahit nasa Merika ka...a, sa Canada 'ka mo? e naiisip mo pang dumalaw. 'Yang mga anak ko, mamamatay na lang ako'y di man lang ako silipin dito. Tingnan mo nga, Boy, itong mga bisig ko, nasasalat ko na ang buto, laylay nang lahat ang kulubot na laman, at kung minsay ayaw ko nang kumain para madali na 'ko. 'Ala naman akong panlasa, e bakit pa ako kakain. Naku, kung buhay lang ang lolo mo, di ako nagkaganito, laging walang kasama, laging walang kausap, e ke tagal-tagal ko nang nabubuhay na wala siya, napakatagal na ng aking ipinagtiis. Masaya kami noon sa bukid. Mabait 'yung lolo mo, magalang, marangal, at napakakisig nung una ko siyang makita, isang tabakero...

SA DILIM NG AGBANG

MATATAGAL ang patlang sa mga pangungusap ng kaniyang Lola Soledad, at higit pa sa tiyaga ng paring kumpisalan ang pakikinig at pagrerekord niya sa lahat ng sinabi nito, kasama na ang dalahit ng ubo, ang manaka-nakang paghikbi, maging ang mga sandaling pilit nitong inaapuhap ang mga hibla ng nakalipas sa madilim na yungib ng alaala. Ubos na ang teyp ay patuloy pa rin ang pagkukuwento ng matanda. Hindi niya ito pinahinto. Tatandaan na lamang niya ang mga dati na't bagong siwalat na kaalaman tungkol sa kaniyang buhay, tungkol sa kanilang buhay na maglola, sapagkat siya, bilang panganay na apo, ang laging kaladkad noon sa lumang baryo ng Kupang, kaladkad sa kahabaan ng parang, hanggang abutan ng dilim sa kanilang pagtahak sa kanluran patungong Kalumpang. Ilang taon nang tapos noon ang giyera, at siya'y nasa elementarya sa Maynila, at Kupang ang kanilang bakasyunang magkakapatid, kung hindi sila dinadala ng mga magulang upang magpalamig sa bulubunduking siyudad ng Baguio.

Hindi kalansay ang pagkakatatanda niya sa kaniyang lola, na bagama't patungong animnapu noon o higit pa ay masigla pa rin kung bumagtas sa matigas na pilapil, lumusong sa madilim na agbang, tumawid sa lukong ng ilog na tuyo kung tag-araw, umahon sa kabila ng pampang, sumagasa sa damo't amorseko, umiwas sa siit ng nagkakapalang kawayan, habang akay siya, nakagoma't nakakorto, panganay ng magulang at panganay na apo, mutyang supling at pag-asa ng buong angkan na inakala ng lahat ay tatanghaling dakila balang araw. Magsisimula silang maglakad pagsilay ng araw sa silangang kawayanan, tutuntunin muna ang maigising bahagi ng asfaltadong kalsadang humihiwa sa Kupang, at pagdating sa ilaya'y papasok sila sa isang looban na siyang lagusan patungong landas na marahil ay ilandaang taon nang ginagamit ng mga sinaunang tao upang maglakbay mula sa kanilang lumang baryo patungong Kalumpang, o kung ano man ang dating tawag doon, at ang lagi niyang matatandaan ay ang malayungib na lamig ng pinakamalalim na agbang, di halos tagusan ng sinag ng araw sa kapal ng daho't sanga ng balite't mangga, kakawati, kawayat akasyang nagkukubli sa sinapupunang yaon, ang walang-tigil na sirit ng yayay at manaka-nakang kaluskos ng bayawak, dagling paglitaw at paglalaho ng musang, at biglang pag-ulan ng dahong tuyo paghihip ng hangin mula sa parang. Hiwaga sa kaniya ang batong adobeng ilang milyong taon na marahil ang tanda, adobeng dingding ng makikipot na lagusan sa agbang o ahunan sa tuyot na pampang, at doon marahil nagpapanagpo ang mga insurekto o nagpapahingalay habang patungo sa malalayong larangan ng digma. Sa lumang pawid na kubong kaniyang naginsan, may mangilang-ngilang rekwerdo ng yumaong pag-aalsa, mga kupas na larawan, luma't di na mabasang kasulatan, gulanit na uniporme, at bago namatay ang kaniyang mamay na ama ng kanyang tatay, wala itong naikuwento tungkol sa kaniyang paglahok sa Katipunan noong ito'y kinse anyos kundi isang kaprasong labanan sa bayan, at sa halip na alamat ng kabayanihan ng lahi ang mamutawi sa labi'y laging iminamaktol na 'pagkabibigat ng lintik na baril'.

Isang buong araw ang kanilang paglalakad, at minsan lamang silang hihinto

nang matagal-tagal, sa isang kubong biglang tatambad paglabas nila sa isang makapal na kawayanang pinamumugaran, sa naghuhumindig niyang pakiwaring-bata, ng sawa't bayawak at ng sari-saring tiyanak, ayon sa mga kuwento ng tagaroon, bagay na lalo niyang ikinatakot bagama't mahigpit siyang akay ng kaniyang lola. Ang kaisa-isang kubong yaon sa gitna ng parang, ligid ng makapal na halamang tampok ay mga balag ng upo't taniman ng kibal, kamatis at kung ano-ano pang gulay, ay isang munting kuta ng katiwasayan, tahanan ng isang mag-anak na masayahin bagama't hiwalay sa kabihasan, ang mag-anak ni Ka Tansing na kapatid sa ama ng kaniyang lola, isang pook ng tiyak na pahinga, mainit na kanin at sabaw, umuusok na tinolang manok o kung mapalad sila'y inihaw na pugo, sinaing na tulingan, matapang na kapeng barako para sa kaniyang lola, at limonada para sa kaniya.

Hindi nawawalan ng pasalubong ang kaniyang lola sa mag-anak na ito, kung hindi damit para sa mag-asawa'y mga kakaning galing sa bayan para sa mga paslit, at mula sa sulok ng kaniyang mata'y tila napansin niyang laging may pagkakimi, pagkahiya, ngunit anaki'y may lihim na pagkatuwang nagnananakaw ng sulyap sa kaniya ang isang magandang pinsang singgulang niya. Pagkaraan ng ilan pang tag-araw at nagsisimula nang manghina ang kanyang Lola Soledad, hindi na sila magagawi sa parang, sa katunayan ay bihira na siyang mauuwi ng Kupang, at minsan ay naalala niya ang magandang pinsang yaon, at naisip niya kung ano na ang kinahinatnan nito, nakapag-asawa kaya ng magsasaka sa karatig na lupain, o nakapag-aral sa Maynila at naging nars sa Chicago, kasama sina Corazon Amurao na tagaroon lamang sa kanugnog na Anilao? Nasaan na nga kaya ito sa malawak na planeta ng mga Filipino?

Ipinanganak siya sa maliit na kubong nayuyungyungan ng dambuhalang punong manggang tuwing tag-araw ay hitik sa bunga, na binabalibag nilang magpipinsan at magkakalaro. Ang pamumuti ng mangga at larong beysbol na gamit ay mumunting lukban ay ilan lamang sa mga libangang pambatang di mo makikita sa Maynila, kung kaya't lagi niyang inaasam-asam ang pag-uwi sa Kupang pagsapit ng Marso. Nasa itaas ng isang paltok ang kubo't punong yaon, at pagbaba ng dahilig ay naroon naman ang gripong igiban ng lahat mula ibaba hanggang ilaya. Nang siya'y malaki-laki na't kakaunti na lamang ang gunita ng kamusmusan, kukuwentuhan siyang lagi ng kaniyang Lola Soledad, kung paanong siya'y halinhinang inalagaan nito at ng kaniyang ina, habang ang kaniyang ama'y kasama ng ilang taga-baryo na nagpupukpok sa Muzon ng mga bombang di-sumabog upang kunin ang pulbura nito't gawing dinamitang ibebenta naman sa mga mangingisda hanggang Kabisayaan, kung paanong siya'y bigla na lamang binitbit pagdaka ng kanyang lola at dinala sa loob ng kahuyan, habang humahabol ang kaniyang inang nanginginig, sapagkat biglang may sumambulat bandang ilaya na malakas pa sa sanlibong kulog, at pagkaraa'y umuwing sugatan ang kaniyang amang pinalad na di madamay sa mga kasamahang nagkahiwa-hiwalay ang lasog-lasog na katawan nang sumabog ang isang bombang pinupukpok na nagdamay ng iba pang bombang nakatalaksan sa likod ng paaralan, mga nangamatay na Filipinong lumaban sa Hapon, walang naprobetso pagkaraan ng digmaan, at

napatay pa mandin hindi ng sandata ng kaaway kundi ng mga bomba at punlong itinambak na lamang at sukat ng mga nagsilisang Amerkano, at kung paanong bata pa siya'y kinamalan na ng di-pangkaraniwang katangian, tulad ng walang-sablay na pagtukoy niya kung anong sasakyan ang dumarating mula sa ilaya patungong kabisera, sa tunog lamang ng kanilang makina, at natatandaan niya kahit ngayon, na ang labis niyang nakagiliwang tunog ay ang matipunong singasing ng pulang bus ng B.T.Co. na lumang modelong Ford, kaya't tuwing sasapit ang bakasyon ay kinasasabikan niya ang pagsakay nila rito sa Divisoriang paradahan, sapagkat batid niyang dalawang buwan na naman siyang mananahan sa Kupang, sasakay sa pulang traysikel na tatak Columbia na matagal nang sira ngunit napepedal pa rin sapagkat pinaghugpong-hugpong ng alambre ng kaniyang yumaong mamay, mamamaybay sa mga sanga ng duhat at sinigwelas, mamumuti ng mangga, hihiga pag gabing mabituin sa mainit-init pang aspalto ng makitid na haywey na pagsapit ng dilim ay wala nang bumibiyaheng sasakyang panlalawigan, at higit sa lahat ay aakayin ng kanyang lola pabagtas sa mga parang habang sunong nito ang nakabigkis nakatiklop na mga banig at kulambong paninda, sa lukbutan nama'y mga alahas na gawang-Meycauayan.

Ang lumang kubo'y nabili ng kaniyang mga magulang sa matandang Alipio, at ang pinakamaagang mga alaala niya roon ay ang nagsasayawang mga anino sa apat na dingding pagkagat ng dilim at nasindihan na ang kaisa-isang gasera, na kalauna'y napalitan ng mas maliwanag na Coleman. Sa kaniyang pagtanda at paglalagos sa iba't ibang yugto ng buhay, magtataka siya't tila ba halos napawing lahat ang alaala ng kanyang pagiging utal — at-at sa salitang Batangan — isang sakit na tinaglay niya hanggang siya'y labintatlong taong gulang, at ang matinkad na alaala sa lahat ay ang laging panunukso sa kaniya ng mga nakatatandang pinsan sa Kupang, kakaladkarin pa siya ng mga ito habang sila'y nagtatawanan at siya nama'y umiiyak na magpupumiglas, sapagkat siya raw ay dadalhin sa isang bahay na labis niyang kinatatakutan, *pakakagatin sa puki ni Ka Ulay!*, isang matandang mahilig magnganga at naglalako ng isda sa kahabaan ng provincial highway, upang magamot na raw ang kaniyang pagkautal, na nawala rin namang biglang-bigla nang siya'y maglabintatlo, matapos na siya'y buong giliw na pakagatin sa manamis-namis maalat-alat mamasa-masa mabuhok-buhok maburok-burok bagama't bubot pang rambutan ni Jocelinang kaniyang kaeskuwela sa grade six sa mababang paaralan ng Concepcion sa Malabon, at magiging kasintahan hanggang hay-iskul, hanggang bago ito gahasain ng isang mayamang maton at mapilitang pakasal dito at sumamang maging migrante sa San Francisco, California.

Sa pagdaraan ng mga taon, sa patuloy na panghihina ng kaniyang lola, at paisa-isang pagpanaw ng matatandang kamag-anak sa Kupang, kasabay ng sunod-sunod na paglikas ng mga pinsan sa malalayong sulok ng Filipinas, sa Saudi o sa Amerika, dumalang nang dumalang ang kaniyang pagdalaw sa baryong nagisnang, hanggang isang araw, may sampung taon na ang nakararaan, ay madatnan niyang ginapok na ng anay ang kubo, giba na't napabayaang ang gripo dahil nakarating na pala sa nayon ang Nawasa, iniangat nang isang talampakan ang sinementuhang haywey kaya't bahagyang napatay ang paangat na saltang pailaya ng daan, lipol

na ang mga pultahang dati'y may mga kawayang upuan at nalalambungan ng mayayabong na bugambilya, at karamihan sa mga bahay na kahoy at pawid at ilampung taon ring nakatayo sa kanilang matitigas na haliging mulawin ay nahalinhan na ng mga bunggalong ipinatayo ng mga sumapi sa US Navy, o kaya'y nangontrata ng trabaho sa lupain ng mga Arabe, o kaya'y lumikas sa Maynila, California, New Jersey, Ohio't saan-saan pa, at nanagana bilang doktor at inhinyero, akawntant at ahente ng seguro, nars at contract worker, etsetera, at sa daigdig ng matatayog na kawayang silanga't kawayang kanluran ay naghuhumindig na ngayon ang mga antena ng telebisyon ang tanging nanonood ay matatandang kamag-anak ng mga lagalag nilang tagahango-sa-kahirapan, samantala nama'y unti-unting ginagapangan ng mga subdibisyong may paupahang-bahay para sa mga naglilingkod sa dayuhang repayneri ng langis na namumutiktik sa baybayin ng Batangas o ng mumunting mansiyong pagreretiruhan ng ilang makakaisip pang umuwi sa kanilang pagtanda sa ibayong dagat, ang malalawak na lupaing noong unang pahanon, sapul pa noong maaagang dantaon ng Batangan at sinaunang Kumintang, ay aruruhin o gapasan ng kumpay, sinapupunan ng buhay sa digma't kapayapaan.

Nang huling dumalaw si Boy sa Kupang bago lumipad patungong Canada, walang nasa isip niya kundi ang mga yumao niyang mamay at lola, at ang natitira niyang Lola Soledad na unti-unti nang nanghihina, nabubulag, hindi na halos mailakad ang dati'y matitibay na paa, binti at hitang di sumuko sa lusong-akyat ng mga agbang, siit ng dawag, init ng bukid, at tigas ng pilapil, at nagsisimula nang mabilanggo sa kaniyang sulihyang kama sa loob ng bahay na kay-raming sulok na dapat niyang apuhapin at tandaan kapag naisipan niyang tumayo sa sarili't hanapin ang banyo, habang manaka-nakang tumatama ang araw sa talukap ng kaniyang mga mata kapag nakakalusot ang kapisasong sinag sa madilim na kabahayan. Mga ilang buwan bago siya umalis, nagawa pang akay-akayin ni Boy ang kaniyang lola sa malapad na kalsada sa tapat ng bahay sa magara nilang sabdibisyon, at noon nga nagsimulang magkuwento nang magkuwento nang walang puknat ang matandang itong kay-agang namatayan ng anak, nilisan ng iba pang anak, at nagbibilang na lamang ng madidilim na araw sa daigdig.

'Akala ko pa nama'y hindi ka na babalik sa Isteys.'

'Canada ho.'

'Baka pag-uwi mo uli rito'y di mo na ako abutang buhay. Hipuin mo nga 'to, o, butong-buto na 'ko. Hindi na nila 'ko dinadalaw rito. Ayoko na ngang humaba pa ang buhay ko, kung bakit di pa 'ko kunin ng Diyos, e sandaang taon na 'ko, higit pa. Di naman kasi dapat pinaabot pa ang matatanda ng sandaang taon. Napakahirap!'

'Magkikita pa ho tayo, 'La, magkikita pa ho tayo.'

'E sana nga, kahit manawari, pero hirap na hirap talaga 'ko. Ni 'ala akong malasahang pagkain...'

Napatanaw siya sa nagbabagang pulang araw. Kumurap-kurap siya upang maibsan ang panghahapdi ng kaniyang mata. Masuyo niyang hinagod ng tingin ang kaniyang Lola Soledad. A, anong dakilang nilalang sa lupa, na kahit anong

buti ng kalooban at kaluluwa'y pinagsuplingan pa rin ng mga sanggol na walang hihintig ginhawa sa buhay, at naging ninuno ng mga apong minarkahan ng trahedya at kamatayan.

PAALAM, KAMUSMUSAN

NAGPAALAM ba 'ka mo sa akin? 'Ala akong natatandaang nagpaalam sa akin kahapon. Bakit ganito ang memorya ng isang matanda? Wala talaga akong matandaang nagpaalam sa akin kahapon. Natatandaan ko lamang e me kumakausap sa akin. Sino ba 'yun, si Turing? O si Narding? Bakit parang kaboses ni Pluting? Ano 'ka mo, si Boy? Ay, diyaske, oo nga pala. 'Yung lagay na 'yun ba'y nakaalis na? Di man lang nagpaalam...

Simbilis ng kidlat, may biglang sasagila sa liblib ng utak, oo nga pala, nagpaalam sa akin si Boy kahapon, 'yung panganay kong apo na matagal ko nang di nakikita. Ngayong nakaalis na ito, sino pa ang magtatatanong sa kaniya, bubuhay sa naghihinalong hibla ng mga alaalang ngayo'y nagkakandapulu-pulupot na't parang kangkarot na sumasayaw sa kaniyang utak? Ba't di niya matandaang lahat ang pangalan ng kaniyang mga anak? Ano na nga ba ang itsura ng mukha ni Inocencio? Mestisong Kastila, magandang lalaki, e bakit ke labo at ayaw magpakitang ganap?

Dumadaan ang mga araw at buwan, ayaw pa siyang kunin ng Diyos. Ni hindi tumatawag si Boy mula sa Canada. Dati'y nakakaapat na beses santaon kung ito'y tumawag, at kanyang idinadaiti nang husto sa taynga ang awditibo upang marinig ang boses ng apo. Ilang buwan na ang nakararaan ay wala pa ring tawag. Ibig niyang pagtatanungin uli siya nito, nang matigtig ang kaniyang mga alaala, at marahil ay sa kaaasa niyang tatawag uli ang apo, pilit niyang pinababangon sa masapot nilang libingan ang halo-halo't tagni-tagni't sari-saring-kulay na alaala. Ano nga kaya't buhay pa pala ang nawala na lamang at sukat na si Regina Chua, ang matalik niyang kaibigang anak ng mayamang Intsik sa Gagalangin, na siya niyang kasa-kasama sa mga lakaran at piging, na noong kapuwa sila dalagita'y nagpapahiram sa kaniya ng magagarang kasuotang nakikita lamang noon sa alta sosyedad, kaya siya lamang marahil sa buong Maynila ang manghahabi't mananahing nakatira sa isang eskinita sa Malabon na may gayong kasuotan, at silang dalawa ang laging tampok sa mga pista't pasinaya sa Malabon, Dampalit, Tonsuya, Navotas, Tundo, at mga karatig-pook hanggang Bulacan at Laguna, wala ngang korona'y itinanghal namang mga reyna ng kani-kanilang tagahanga, 'yun nga la't kung anong pagkakahilig ni Regina sa sayaw ay siya namang pagkamahiyai't pagkakimi niya, sapagkat di niya maatim na makipagbanggaang-tuhod, makipagkiskisang-ilong at makipagdikitang-noo sa di naman niya kaano-ano, kaya't si Inocencio nga lamang ang unang nakahipo sa anumang bahagi ng kaniyang maselang katauhan.

Ay, kabataang pumanaw na sakbibi ng saya! Huwag ka'y kahit kainitan ng habihan at may pedidong may-taning ay di maaaring di siya pakaladkad kay Regina, susunduin siya nito sa magarang karwaheng hila ng dalawang kabayong kastanyo,

at ilang araw din nilang gagaygayin ang sunod-sunod na pista sa buwan ng Mayo at Disyembre, lalo na't kapistahan ng Imaculada Concepcion kapag a-otso ng Disyembre, at doon na siya patutulugin sa magarang bahay ng Intsik sa Gagalangin, kaya't pag-uwi niya ng Malabon ay kakatkatan siya ng mura ng palamurang Nanang Entang, ngunit lahat iyo'y pinalampas niyang lahat, sapagkat minsan lang siya magdadalaga, at hindi siya papayag na bawiin sa kaniya ang laya't layaw ng kabataan, ngayon pang nakatagpo siya ng tapat na kaibigan, ng mayamang kaibigan, kay Regina Chua ng Gagalangin.

Mulang manakop ang mga Hapon hanggang makabalik ang mga Amerkano'y wala na siyang nabalitaan tungkol kay Regina, at mga bandang mil nuwebe singkuwenta na nang may taga-Gagalanging nakapagsabi sa kaniya na nasunog ang bahay ng mayamang Intsik noong Liberation, at si Regina nama'y itinuring nang patay sapul nang dukutin ng Kempetai at dalhin sa kanilang himpilan, at sa digmaang yao'y ano na nga lang ba ang magiging kapalaran ng isang bihag na Filipinang simputi ng labanos at mukhang artista sa puting tabing?

Isang gabi, mga ilang buwan pagkaalis ng apo, pilit na bumangon si Lola Soledad. Umungol ang tagapag-alagang alangang tulog at alangang gising, ungol ng pagtutol, sapagkat akala'y hihingi na naman siya ng pagkain o magpapaabot ng arinola sa unang oras ng madaling-araw, ngunit walang narinig sa kaniya kundi impit na hikbi, at naupo siya sa gilid ng kama habang pinapahiran ng isang dulo ng manipis na kumot ang sulok ng mata't balisbisan ng luha. Parang binibiyak ang kaniyang dibdib sa kirot. Kay-samang panaginip. Diyos ko po, ipag-adya N'yo po ang aking apo, ang aking mga apo, tama na ang isang apong namatay sa karahasan ng ibang tao...

Madalas ang masamang panaginip niya tungkol kay Boy, na di niya matandaan pagkagising kung ano, at sa lamig ng madaling-araw ay mauupo siya sa gilid ng sulihya, hugot ang malalalim na paghinga upang lumuwag ang dibdib, at ipagdadasal ang lahat ng apo. *Diyos ko po, kahit manawari'y dinggin N'yo ang lahat kong panalangin...* Para kay Pepe, si Pepeng ilang taon nang namamayapa, si Pepeng inutas ng sindikato ng bawal na gamot sa Malabon nang pumayag itong maging saksi sa kasong kinasangkutan ni Totoy Gagamba, kilabot ng bayan, anak ng isang mataas na opisyal na napabantog bilang beterano ng digmaan. Para kay Pinay, tin-edyer pa'y nagsayaw na sa Hapon sa pagnanais kumita ng pera, at matagal nang di sumusulat sa kanyang mga magulang. Para kay Dyunyor, na mula nang maging unyonista'y naging palasama sa mga welga't demonstrasyon, at hanggang ngayo'y di pa nakikita mula nang magkadamputan noong presidente si Cory.

Kabaligtaran daw ng panaginip ang mangyayari sa katotohanan, ngunit bakit labis pa ring masasal ang kaba ng kaniyang dibdib? Bakit may ibig humulas sa kaniyang kalooban na palaki nang palaki't ayaw makahulagpos gayong sasabog na halos? Ayaw na siyang dalawin ng antok. Ayaw nang gumaan ang kaniyang pakiramdam. Pakiramdam niya'y humuhulas na ang laylay niyang lamang bahagya na lamang nakakapit sa kakalog-kalog niyang kalansay. Hihintayin na niya ang pagsikat ng araw nang nakaupo. Ano kaya't magmilagro ang Diyos pagdating ng

umaga, buksan Nito ang talukap ng kaniyang mga mata upang muling tumambad sa kaniya ang kulay ng daigdig? At bumalik ang kaniyang panlasa? At muli niyang marinig ang maya't kilyawan na mula sa parang? At nasa harap niya ang magandang lalaking si Inocencio, lamang ay uugod-ugod na ring gaya niya? O biglang lumitaw si Boy at hawak ang ga-kasapuwegong teyp rekorder? O kaya'y magdaratingan silang lahat...pilit niyang inisa-isa ang pangalan ng mga anak mula panganay hanggang bunso, ngunit talagang di na niya matandaan ang pangalan ng ilan.

Hatinggabi nang biglang magkagulo sa buong kabahayan. Una rito'y ang nakatutulig na kirirring ng telepono. Sinundan ng impit ng sigaw at mahabang panangis ng kaniyang anak na si Ligaya, at paulit-ulit na pagsambit sa pangalan ni Boy, ang kaniyang apo. Napabangon siyang bigla at nabigo ang bantay niyang siya'y pigilang mamaybay mangapa sa dingding, patungo sa pinanggagalingan ng tangisan at pananawagan sa Diyos, at nangangatal ang kaniyang tuhod at tinig.

'Boy...Ligaya...Boy...bakit ba...'

Sa sumunod pang mga araw, habang hinihintay ang mga abo ni Boy mula sa Canada, halos di maubos-ubos ang balong ng luha sa nagmumuta niyang mga mata, habang pinipilit niyang makunan ng anumang paliwanag ang mga kasambahay. Ang tanging nasabi ng lupaypay niyang anak ay nagbaril sa sentido ang panganay na apo, nag-iwan ng sulat sa mga anak at sa kanilang ina, at sa sulat ng pamamaalam ay hiniling na sunugin ang kaniyang katawan nang di na siya mag-iwan ng malaking abala, at sunugin na rin daw lahat ang mga katibayan ng sari-saring premyong natanggap nito nang ito'y buhay pa, pati na ang katibayan ng kaniyang kapanganakan. 'Yun lang, ngunit sa pira-pirasong pabulong na kuwentuhan sa kaniyang paligid ay napaghabi niya ang larawan ng isang nilalang na gadaigdig ang dalahin sa puso, lamang ay di niya maintindihan kung bakit sa isang iglap ay sasabog na lamang at sukat ang isang utak na siksik ng talino, puno ng pangarap sa buhay, at tigib ng masasayang alaala ng isang kabataan.

Isang gabi'y naramdaman niyang biglang umangat ang malaking bato sa kaniyang dibdib, at buong payapa siyang nahiga sa sulihyang kama. Mabigat man ang talukap ng kaniyang mga mata, ayaw pa niyang maidlip hangga't di siya nakakapanalangin, dalanging simpayapa ngayon ng kaniyang paghinga. Panginoon, patulugin Mo ako nang walang masamang panaginip, patulugin Mo ako nang mapayapa, patulugin Mo na ako nang walang hanggan. Ipag-adya Mo po ang kaluluwa ni Boy, ang kaniyang mga anak, at bigyan Mo po ang lahat kong maiiwan ng isang mapayapang buhay.

May kumalat na liwanag sa hinawang parang. Nandoon sa gitna si Insiyong, matikas, matipuno, nakasandal sa matandang mulawin, puti ang kamisadentro, makulay ang kurbata, matalas ang liston ng pantalong kaki, at nagkikislapang malaperlas na ngiping may palamuting ginto. Sa buong kalupaan, masasaya't kani-kaniya ng gawaing-bukid ang kanilang mga anak na nagdadalaga't nagbibinata, at kung bakit sa kalupaang iyon ay naroon din si Boy, nakamameluko't gupit-Igorot ang buhok, pagkat sinukluban lamang ng bao ng niyog at ginunting paikot ng barbero sa As-is, at bagama't maamo ang mukha ay ayaw silayan ng ngiti ang

mga labi. Liwanag ng anghel ang nakabalot sa katauhan ni Boy habang patakbo-takbo ito sa dawag ng diris at taniman ng sintunis at kalamunding, at maya-maya'y lumukob na ang dilim sa kanilang parang, ngunit patuloy pa rin ang kasayahan nilang lahat hanggang maglitawan ang milyong mga alitaptap sa lupa at milyong mga bituin sa langit, nang biglang humihip ang malakas na hangin, at ang liwanag-anghel ay biglang umangat pumaimbulog papalayo sa kanilang lahat. Hinabol niya ito, at nasumpungan niyang hinihigop siya sa kalawakan habang walang katapusan ang kaniyang pagtawag sa pangalan ng apo. Hila-hila siya ng liwanag hanggang ito'y maglaho't lamunin ng langit.

~o0o~

Abdon M. Balde Jr.

Portal



**NOBYEMBRE 30, 2006, HUWEBES,
1:30 NG HAPON. CAGSAWA, DARAGA, ALBAY**

Nang gumiray-giray ang tatlong palapag na hotel sa tabing ilog at humapay sa makapal na kawayanan ay naisip kong ito na ang katapusan ng aking mundo.

Bumalikwas ako mula sa pagkakadapa sa pasamano. Nagkumahog na lumusot sa pagitan ng mga taong nagsiksikan sa veranda. Nagsimulang tumili ang mga babae, saklot ng sindak ang mukha. *Kailangang makalikas*. Ngunit saan ako pupunta? Lampas-tao na ang rumaragasang baha sa kalsada. At napakalakas ang haginit ng bagyong Reming, na ayon sa radio kanina'y 265 kilometers per hour na! Umiilandang sa hangin ang mga palapa ng niyog, sanga ng kahoy, plywood, plakard, kaldero, kawali... Ang dambuhalang punong akasya sa harap ay baliw na hinahagupit ng mga sanga ang pinakapintuan ng Agra Lodge.

Nasalubong ko sa pasilyo si Mam Taz, tumatakbo, nasisindak, sumisigaw—*John! John! D'yos ko!* Pagdaka'y yumakap sa akin. *Joohhnn!!!* Gusto kong sabihing hindi *John* ang pangalan ko, ngunit niyanig na kami ng unang kalabog—*Bog!*